


# Mga Serbisyo ng Telehealth Psychiatry

Ang psychiatrist ay isang doktor na gumagawa sa pag-aalaga ng mga pangangailangan ng iyong kalusugan sa pag-iisip. Ang mga miyembro ng pagkakasosyo na may edad 4 at pataas ay makaka-access sa mga serbisyo ng psychiatry sa pamamagitan ng TeleMed2U. Ang mga miyembro na mababa sa edad na 4 ay isasangguni sa UC Davis Health.

## Ano ba ang isang telehealth na pagpapatingin?

Ang telehealth na pagpapatingin ay isang online na video call na maaaring ganapin sa iyong tahanan o saanman na makakakonekta sa internet ang isang computer, laptop, tablet, o smart device. Ang uring ito ng pagpapatingin ay isang magandang pagpipilian dahil hindi mo na kailangang magbiyahe. Maaari kang magpatingin sa isang psychiatrist sa madaling paraan na ito kaysa sa personal na pagpapatingin.



## Narito kung paano ito gumagana:

1. Ang iyong pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga (PCP) ay maaaring magsasangguni sa iyo sa isang psychiatrist o maaari mong isasangguni ang iyong sarili.
2. Ang iyong pagpapatingin ay itatakda ng aming mga telehealth provider na TeleMed2U o UC Davis Health.
3. Bago ng iyong pagpapatingin, tatawagan ka ng TeleMed2U o UC Davis Health upang kumpirmahin at siguraduhing madadala mo ang mga kailangan sa iyong pagpapatingin.
4. Papadalhan ka ng link sa Zoom para sa iyong pagpapatingin. Siguraduhin mong mag-login ng 5 minuto na nauuna.
5. Kung ikaw ay nangangailangan ng gamot, ang order ay ipapadala sa iyong botika.

## Upang magtakda o magpatakdang-muli ng pagpapatingin at kung ikaw ay may anumang mga tanong, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong provider.

- Para sa UC Davis Health, tawagan ang **(800) 482-3284**.
- Para sa TeleMed2U, magpadala ng email sa [referrals@telemed2u.com](mailto:referrals@telemed2u.com), tawagan o mag-text sa **(855) 446-8628**, o gamitin ang QR code.

# Mga Serbisyo ng Telehealth Psychiatry



**I-scan ang QR code upang magpa-book ng pagpapatingin ngayong araw.**

## Madalas na Mga Tinatanong

### **Sinasaklaw ba ng Partnership ang telehealth na mga pagpapatingin?**

Sinasaklaw ng Partnership ang ganitong uri ng pagpapatingin kasama ng TeleMed2U o UC Davis Health. Hindi sinasaklaw ng Partnership ang gastos ng pagbili ng computer, laptop, tablet, o smart device para sa iyong pagpapatingin. Hindi sinasaklaw ng Partnership ang anumang bayarin mula sa iyong provider ng internet.

### **Paano kung hindi ko kayang magpatingin sa espesyalista ng telehealth sa bahay dahil wala akong computer, laptop, tablet, o smart device?**

Tawagan ang iyong PCP upang ipaalam sa kanya na hindi tama para sa iyo ang isang pagpapatingin sa espesyalista ng telehealth sa bahay. Maaaring sila ay may ibang pagpipilian para sa iyo.

### **Upang malaman ang higit pa tungkol sa telehealth, bisitahin ang aming website sa:**

[www.partnershiphp.org/Members/Medi-Cal/Pages/Telehealth\\_Members.aspx](http://www.partnershiphp.org/Members/Medi-Cal/Pages/Telehealth_Members.aspx).

Narito kami para tumulong. Tawagan ang Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Partnership sa **(800) 863-4155** Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. Maaaring tatawag ang mga gumagamit ng TTY sa California Relay Service sa **(800) 735-2929** o tawagan ang **711**.

## Partnership HealthPlan of California – Ang Iyong Partner sa Kalusugan